# Mga Bagong Level Descriptor sa Pag-uulat ng Achievement para sa Mga Mag-aaral at Pamilya

Sa tagsibol, kumukuha ang anak mo ng mga pang-estadong pagsusulit sa English language arts/literacy (ELA), matematika at agham. Nakakatulong ang mga pagsusulit na ito para maunawaan ng mga pamilya at guro kung paaano natututo ang mga mag-aaral. Noong 2025, nag-adopt ang California ng mga bagong level descriptor at label sa pag-uulat ng achievement.

**Simula sa 2025–2026 school year, makikita mo ang mga bagong label sa pag-uulat sa mga ulat ng score ng anak mo. Pinapadali ng mga bagong label sa pag-uulat na maunawaan ang mga resulta.**

## Ano ang Nagbago?

Nag-adopt ang California ng mga bagong label at paglalarawan ng mga level ng achievement ng mga mag-aaral. Makikita ang buong paglalarawan sa Web page ng Mga Level Descriptor sa Pag-uulat ng Achievement.

| Level | Dating Label sa Pag-uulat | Bagong Label sa Pag-uulat |
|---|---|---|
| **4** | **Nahigitan ang Pamantayan** | **Advanced** |
| **3** | **Natugunan ang Pamantayan** | **Mahusay** |
| **2** | **Halos Natugunan ang Pamantayan** | **Nagpapaunlad** |
| **1** | **Hindi Natugunan ang Pamantayan** | **Minimal** |

## Ano ang Hindi Nagbago?

Mga label at paglalarawan sa pag-uulat lang ang nagbago. Katulad pa rin ng dati ang mga tanong, format, at pagmamarka sa pagsusulit. Dahil wala nang ibang nagbago, puwede mo pa ring tingnan ang mga dating pagsusulit ng anak mo para makita ang kanilang pag-unlad.

## Bakit Ginawa ang Pagbabagong Ito?

Inilaan ang mga bagong label sa pag-uulat at mga paglalarawan nito para tulungan ang mga mag-aaral, kanilang pamilya, at ang publiko na mas maunawaan ang performance ng mag-aaral sa kanilang mga summative assessment sa ELA, matematika at agham.

Tinutugunan ng mga bagong label sa pag-uulat at mga paglalarawan nito ang hindi tumpak na pag-unawa na kinakatawan ng Level 3 ang grade-level cutoff at "mas mababa sa grade level" ang mga mag-aaral na may score na mas mababa sa Level 3." Sinusukat ng lahat ng item sa pagtatasa ang mga pamantayan sa grade-level, sa iba't ibang antas ng pag-unawa.

Kinakatawan ng apat na level sa pag-uulat ang grade-level na pagkatuto, sa iba't ibang pagkakataon tungo sa tumataas na antas ng complexity at sopistikadong pag-unawa.

## Saan Makakakuha ng Suporta ang mga Mag-aaral at Pamilya?

Pumunta sa website ng California Starting Smarter para sa iba pang impormasyon, mga halimbawang tanong sa pagsusulit, at mga sanggunian kung paano suportahan ang anak mo.